ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

TRANSLATION EXERCISE ACTIVITY: PAGPAPALAWAK NG KASANAYAN SA PAGSASALING- WIKA MULA WIKANG INGLES TUNGO SA WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG-10

Alexis Jane B. Dugho[1], Juliet M. Nagrama[2]
[1]ORCID No.:0009-0008-3356-2415
Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines
[2]ORCID No.:0009-0004-7235-1435
Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22616
DOI No: 10.36713/epra22616

ABSTRAK

Ang maaksyong pananaliksik na ito ay naglalayong paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika sa sekondarya partikular na sa wikang Ingles tungo sa wikang Filipinong pagsasalin. Ang interbensyong Translation Exercise Activity ay nakatuon sa mga interaktibong aktibidad na hahasa sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-experimental na disenyo na kung saan ito ay gumamit ng one group pre-test and post-test na pamamaraan. Ang mga respondente na napabilang sa eksperimental na grupo ay ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang, seksyon Argon ng Kapalong National High School. Gumamit ang pananaliksik ng mga estadistikang kasangkot sa pagsusuri ng datos gaya ng mean, standard deviation, paired samples t-test, at Cohen's d. Lumabas sa pagsusuri na may makabuluhang pagtaas sa mean score ng mga mag-aaral mula pre-test (M = 10.003, SD = 3.728) patungong post-test (M = 15.000, SD = 3.424). Bukod dito, ipinakita ng paired sample t-test na ang pag-unlad na ito ay estadistikang makabuluhan, t (29) =13.211 p<.001, na may malaking epekto sa Cohen's d = 2.412. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na ang antas nag kasanayan sa pagsasaling-wika mula sa wikang Ingles tungo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa pre-test ay inilalarawan na katamtaman samantalang ang naging resulta sa post-test ay mataas. Lumalabas na mayroong makabuluhang pagbabago sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo matapos ang isinagawang interbensyon. Samakatuwid, ang translation exercise activity ay isang epektibong pamamaraan upang mapalakas at mapaunlad ang kasanayan sa pagsasaling-wika ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Kung kaya, iminumungkahi ng mga mananaliksik na ipatupad ang translation exercise activity, at gawing pagsasanay sa loob ng klase.

MGA SUSING SALITA: *Translation Exercise Activity, pre-experimental design, one-group pre-test and post-test, Ika-10 na baitang, KNHS*

INTRODUKSYON

Sa aksyong pananaliksik na ito, layunin nitong gamitin ang interbensyon upang sistematikong matugunan ang suliranin sa kakulangan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika mula Ingles tungo sa Filipino, na mahalaga sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa wikang Filipino. Ayon kay Pacol (2023), ang ganitong uri ng interbensyon ay nakatutulong sa paghasa ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wika, dahil ang pagkatuto ng wika ay nakaugat sa tradisyon, kaugalian, pananaw, at saloobin ng lipunan. Samantala, binigyang-diin ni Janett (2021) na ang asignaturang Filipino ay mahalaga sa paghubog ng kaalaman sa wika, kultura, at panitikan, na siyang nagbibigay ng pagkakakilanlan sa bansa. Gayundin, ipinahayag ni Cagatin (2022) na hindi madali para sa mga mag-aaral ang matutunan ang Filipino sa kabila ng pagiging pangunahing wika, sapagkat maraming aspeto nito ang kailangan pang paghusayan at linangin.

Sa bansang Saudi Arabia, partikular sa Qassim University, natukoy ang kahinaan ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa larangan ng pagsasaling-wika, kaya't isinagawa ang isang pag-aaral at interbensiyon upang matugunan ito (Alolaywi, 2022). Sa Uzbekistan, iniulat naman na isa sa mga pangunahing problema ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga tekstong pang-agham ay ang kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng mga espesyal na diksyunaryong pang-agham at limitadong kaalaman sa mga terminolohiyang may kaugnayan sa paksa, na lalo pang lumalala kapag nahihirapan din ang tagasalin sa paggamit ng sariling wika (Dusmamatovna, 2021). Samantala, sa United Arab Emirates, ipinakita sa pag-aaral na isinagawa ni Alaboud (2022) na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga tekstong Ingles sapagkat hindi ito ang kanilang unang wika; subalit, napatunayan din sa parehong pananaliksik na ang mga makabuluhang interbensiyon ay epektibo sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagbasa ng Ingles bilang banyagang wika (EFL).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sa Pilipinas, natukoy ang iba't ibang hamon sa pagsasaling-wika ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang rehiyon. Sa Marawi City, ang mga mag-aaral sa Senior High School na nasa STEM strand ay nahihirapan sa pagsasalin mula Ingles tungo sa Filipino dahil sa kakulangan ng kaalaman sa mga salitang Filipino na katumbas ng mga terminong Ingles (Langga at Alico, 2020). Sa Malaybalay, Bukidnon, lumitaw na ang kahinaan sa pagsasaling-wika ay nagdudulot ng suliranin sa epektibong komunikasyon (Kevin et al., 2022). Samantala, sa De La Salle University, Manila, ipinakita sa isang pag-aaral na ang pagsasaling pampanitikan ay isa rin sa mga hamon, sapagkat kadalasang nawawala ang orihinal na diwa at mensahe ng teksto sa isinaling bersyon, na salungat sa layunin ng isang mahusay na salin (Gaerlen, 2022).

Sa Dibisyon ng Davao del Norte partikular na sa Kapalong National High School, hirap ang mga mag-aaral sa ika-10 baitang mula sa seksyon Argon sa mga salita sa wikang Filipino lalong lalo na sa pagsasaling-wika. Karamihan sa mga midyum na itinuturo ay ang ingles kung kaya't nagiging limitado ang paglantad ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Hirap ang mag-aaral sa pagtukoy ng salita sa wikang Filipino kung ano ang salin nito wikang Ingles. Sa kabila ng pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa kurikulum ay hindi pa rin ito sapat sa kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa ibang pag-aaral, may mga mananaliksik na nagsagawa ng pag-aaral hinggil sa paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Wikang Filipino. Sa pag-aaral ni Alabuod, (2022) na pinamagatang "*The Positive Effect of Translation on Improving Reading Comprehension among Female Arabic Learners of English as Foreign Language"* ay nakatuon sa positibog epekto ng pagsasalin sa kasanayan ng pagbasa ng mag-aaral at sa pag-aaral naman ni Gaerlen (2022) na pinamagatang *Translating Young Adult Fiction from English: The Visibility of the Filipino Translator and Its Implications on the Teaching and Learning of Literary Works"* na nakatuon ang pananaliksik sa pagsasalin ng mag-aaral sa wikang ingles. Panghuli, sa pag-aaral ni Langga et al., (2020). "*Students' Proficiency and Challenges in Filipino-to-English Translation: The Case of Filipino Senior High School Students in a Private Institution"* na nakatuon sa mag-aaral ng *senior high school.*

Bagaman may mga naunang pag-aaral hinggil sa kasanayan sa pagsasalin, karamihan sa mga ito ay hindi nakatuon sa mga mag-aaral sa ika-10 baitang, at iba rin ang ginamit na interbensyon. Hindi rin binigyang-pansin ang pormal at pampanitikang bahagi ng wika. Dahil dito, nakita ng mga mananaliksik ang pangangailangan na magsagawa ng panibagong pag-aaral upang matukoy ang epekto ng interbensyong *Translation Exercise Activity* sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagsasaling-wika ng mga mag-aaral sa Kapalong National High School. Ang suliraning ito ay itinuturing na mahalaga at nangangailangan ng agarang tugon, lalo na sa harap ng unti-unting pagkalimot sa wikang Filipino. Layunin ng pananaliksik na ito na matugunan ang kahinaang pangwika ng mga mag-aaral, partikular sa pagsasalin mula Ingles tungo sa Filipino, sapagkat ito ay mahalaga hindi lamang sa akademikong pag-unlad kundi sa patuloy na paggamit at pagpapayaman ng ating sariling wika.

Layunin ng Pag-aaral

Ang mga tanong sa pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang siyasatin ang mga dahilan kung paano ang "*translation exercise activity"* ang magiging isang interbensyon para sa mga mag-aaral na mahubog ang kanilang kasanayan sa pagsasaling-wika sa wikang ingles tungo sa wikang Filipino. Ang mga katanungan sa pananaliksik na naging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pagsasalin bago ipatupad ang interbesnyong *translation exercise activity?*
2. Ano ang mga antas ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga salita sa isang pangungusap pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong *translation exercise activity?*
3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa pagsasalin sa isinagawang *pretest at post-test*?
4. Ano ang paraan at pananaw ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika mula wikang Ingles tungo sa wikang Filipino?

Haypotesis

Ang null haypotesis ay susukatin sa 0.05 na antas ng katiyakan na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba ang *Pre-test* at *Post-Test* matapos ang ginawang interbensyon na *Translation Exercise Activity*: Pagpapalawak ng Kasanayan sa Pagsasaling-wika mula Wikang Ingles tungo Wikang Filipino.

Iminungkahing Inobasyon, Interbensyon at Istratehiya

Ang *Translation Exercise Activity* ay isang gawaing pang-akademiko na naglalayong sanayin ang mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga salita, parirala, o pangungusap mula sa Ingles tungo sa Filipino upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wikang Filipino. Bilang tugon dito, binuo ng mga mananaliksik ang interbensyong pinamagatang *Translation Exercise Activity*: Pagpapalawak ng Kasanayan sa Pagsasaling-wika mula Wikang Ingles tungo sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang-10. Isinagawa ang iba't ibang aktibidad tulad ng panonood ng *video clip* at paggamit ng *mystery box*, na pawang nakatuon sa pagpapalawak ng kanilang kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, inaasahang mas lalawak pa ang kanilang kaalaman at lalakas ang kumpiyansa nila sa asignaturang ito.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Interbensyon	Mistery Box	Video Clip
Paglalarawan	• Ang mga salitang isasalin ay na sa loob ng mystery box o kahon na naglalaman ng mga sa salitang wikang Ingles na isasalin sa wikang Filipino. • Bawat kahon ay may katumbas na kulay na siyang pagpipilian ng mga mag-aaral.	• Magpapakita ng mga bidyo mula sa mga sikat na linya sa pelikula na nasa anyong Ingles. • Ang mga mahihirap na salita na mula sa nobelang El Filibusterismo ay kabilang na rito.
Pamamaraan	• Hahatiin ang klase na may tatlong miyembro bawat pangkat. • Pipili ng isang kahon at isalin ang salita na mula sa kahong pinili. • Pagkatapos ng pangkatang gawain ay nagkakaroon ng isang pagtataya.	• Hahatiin ang klase sa apat na pangkat. • Kinakailangan na maisalin nila ang mga pahayag na mula sa *video clip* sa pamamagitan ng pagsasadula. • Sa paghawan ng sagabal sa nobela ay ipinapasalin ang mga idyomatikong pahayag mula sa wikang Ingles tungo sa Filipino. • Pagkatapos ng pangkatang gawain ay nagkakaroon ng pagtataya sa karapehong pormal at pampanitikan na mga pahayag o salita.
Layunin	• Napapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pormal at pampanitikan na mga salita sa pagsasaling-wika. • Nalilinang ang kasanayan sa paggamit ng tamang pamamaraan sa pagsasaling-wika.	• Mahasa ang kakayahan sa pagsasaling-wika sa paggamit nito sa komunikasyon. • Napapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagsasalin.

Sa pagsasagawa ng ng interbensyong ito ay gagawin ng mga mananaliksik sa sumusunod na mga hakbang.

Una, ang mga mananaliksik ay makikipag-usap sa punongguro ng paaralan upang ipaalam sa kanila ang layunin at ang mga gagawing mga hakbang tungkol sa interbensyon na ito. Ito ay upang mabigyan ang mga mananaliksik ng pahintulot sa pagsasagawa nito at ang mga kakailanganin na mga impormasyon ay maibibigay nang walang problema. Pagkatapos ay magkakaroon ng mumunting pagpupulong para talakayin ang *Translation Exercise Activity*: Pagpapalawak ng Kasanayan sa Pagsasaling-wika mula wikang Ingles tungo sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang-10 at upang mabigyan ng kaalaman ang mga guro tungkol sa programang ito at inaasahan ang kanilang kooperasyon para sa katagumpayan nito. Dagdag pa, ang mga partisipante ng pag-aaral na ito ay mula sa baitang 10 na siyang sentro ng pananaliksik na ito.

Pagkatapos maisagawa ang *pre-test,* magkakaroon ng isang deliberasyon upang malaman ang mga partisipante ng pag-aaral na ito. Nang malaman na, magsasagawa ng isang oryentasyon ang mananaliksik upang makabuo ng isang ugnayan sa pagitan ng mga partisipante. Sa oryentasyon ay tatalakayin ang mga layunin at metodolohiya ng pag-aaral na ito, ito ay upang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mabigyan ng kaalaman ang mga mag-aaral kung bakit sila napili, sa paanong paraan at ang kahalagahan nito sa kanilang pag-aaral upang lubos nilang maunaawan ang kanilang papel, at ang mga alituntunin ng pagaaral. Sisiguraduhing ipapaalam sa kanila ang kanilang mga karapatan at ang etika sa pagtuturo at pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral.

Sa kaparehong banda, upang masiguro ang kaligtasan ng mga partisipante, sila ay gagabayan at subaybayan ng mga mananaliksik. Magbibigay ng isang lugar na kung saan nila isasagawa ang kanilang pagsasanay, lilimitahan lamang sa dalawang araw sa isang linggo ang kanilang pagsasanay sa pagsasalin.

Bukod sa pagsasalin, ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino ay masusukat din sa loob ng klase sa pamamagitan ng pagbalangkas ng mga ginawang pagsasalin at pagsasanay na gagawin upang mahasa ang kanilang pagbabasa, pagsasalita at pagsusulat gamit ang wikang Filipino. Sa pamamaraang ito ay malalaman ang progress ng mga mag-aaral.

Matapos ang isang buwan na paglalapat ng interbensyong *Translation Exercise Activity*, magkakaroon na naman ng isang post-test upang malaman kung mayroon bang pagbabago sa performans ng mga mag-aaral. Dito, masusukat kung mayroon bang pagbabago sa kakulangan ng mga magaaral kasanayan sa wikang Filipino at kung naging epektibo ba ang ginawang interbensyon. Dito malalaman kung naging matagumpay ba ng *Translation Exercise Activity.*

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng **pre-experimental na disenyo** ni Arikunto (2006), partikular ang *one-group pre-test at post-test* na pamamaraan. Sa disenyong ito, isinagawa ang pre-test, sinundan ng interbensyong *Translation Exercise Activity*, at pagkatapos ay ang p*ost-test* upang masukat kung may pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika.

Ayon kay Vocxo (2021), ang pre-eksperimental na disenyo ay isang paunang hakbang upang matukoy kung epektibo ang interbensyon at kung sulit itong isagawa sa mas malawak na saklaw. Isinagawa ang pag-aaral sa tatlong hakbang ang *pre-test*, interbensyon, at *post-test*.

Sa pamamagitan ng pagkukumpara ng resulta ng *pre-test* at *post-test*, natukoy ang epekto ng interbensyon. Ginamit ang parehong pagsusulit upang masukat ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalin, at upang matukoy ang naging pagbabago pagkatapos ng interbensyon.

Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit ng pag-aaral na ito ang ginawang talatanungan na tanong ng mga mananaliksik. Ito ay isang pagsusulit na mayroong dalawampung katanungan na susukat sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Ito ay susuriin at iwawasto ng tagapayo upang maiangkop sa mga mag-aaral at sa pag-aaral.

Gamit ang *range of mean perecentage*, makikita ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto gamit ang interbensyon. Ito ay batay sa rubrik ni Amira (2018) upang pagbatayan sa mga puntos na nakuha mula sa *pre-test* hanggang *post-test.*

Upang masukat ang tumpak na sukat ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, ginamit ang rubrik na nasa ibaba:

Mean	Katumbas na Deskripsyon	Interpretasyon
91-100	**Napakataas**	Ang mag-aaral ay may lubos na pag-unawa at mahusay na kakayahan sa pagsalin ng mga salita. Madaling nakukuha ang pangunahing ideya, sa wikang isasalin.
61-80	**Mataas**	Ang mag-aaral ay may mahusay na pag-unawa sa isinaling mga salita. Kadalasan ay nauunawan ang pangunahing ideya, ng wikang isasalin. May kaunting kahinaan sa ilang mga bahagi.
41-60	**Katamtaman**	Ang mag-aaral ay may kakayahang makuha ang pangunahing ideya ng salitang isasalin, ngunit maaaring magkaroon ng ilang kahirapan sa mas malalim na salitang isasalin.
21-40	**Mababa**	Ang mag-aaral ay may kahirapan sa pag-unawa sa salitang isasalin. Madalas na nahihirapan sa pagkuha ng pangunahing ideya at mga kahulugan ng salitang isasalin.
0-20	**Napakababa**	Ang mga mag-aaral ay may malaking kahinaan sa pagsasalin sa mga salita.Kinakailangan ng masinsinang gabay at tulong upang matagumpayan ang pagsasaling-wika.

Lokasyon ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Kapalong National High School. Sa paaralang ito ay napansi ng mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kahirapan sa pag-unawa sa kanilang binabasang teksto sa Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sampol at Populasyon

Ang pag-aaral ay isasagawa at ipatutupad sa isang pampublikong paaralan. Ang mga kalahok ng pananaliksik ay mga mag-aaral sa baitang-10 ng Kapalong National High School, Maniki, Kapalong, Davao del Norte sapagkat nakitaan sila ng kahinaan sa pagsasaling-wika na hindi naayon sa kanilang kasanayan at lebel ng taonf. Para sa pag-aaral na ito, pumili lamang ang mga mananaliksik ng isang seksyon mula sa baitang-10 bilang mga respondente. Ang napiling seksyon ay binubuo ng 60 mag-aaral na siyang magsisilbing tagapagbigay ng datos upang masukat ang kanilang kasanayan sa pagsasaling-wika sa Filipino. Layunin din ng pag-aaral na ito na matukoy kung may pagbabago sa kanilang kasanayan sa pagsasaling-wika batay sa resulta ng kanilang *pre-test at post-test.*

Talahanayan 1

Distribusyon ng mga Respondente

Baitang	Populasyon	Sampol	Bahagdan
10-ARGON	60	30	50%

Hakbang sa Paglikom ng Datos

Ang unang gagawin ng mga mananaliksik ay ang paggawa ngisang liham na nagsasaad sa lahat ng mga hakbang na aming gagawin at liham pahintulot upang mabigyan kami ng pahintulot sa pagsagawa nito sa paaralan ng Kapalong National High School. Sa liham ay inilagay ng mga mananaliksik ang layunin ng pag-aaral, ang mga hakbang na gagawin at ang mga magiging partisipante ng pag-aaral na ito. Nang mabigyan na ng pahintulot ito na ang siyang magiging daan upang isagawa ang pag-aaral.

Matapos aprobahan, unang lalapitan ng mga mananaliksik ay ang mga awtoridad ng paaralan na maylistahan sa mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang na kasali sa pag-aaral. Pagkatapos ay hihingi ng pahintulod sa *grade level head*, sa mga tagapayo at ang mga guro ng asignaturang Filipino upang makilala ang mga mag-aaral na napabilang sa *experimental* na grupo.

Pagkatapos ay magsasagawa ng isang oryentasyon upang malaman ng mga mag-aaral kung para saan ang pananaliksik na ito at ang mga layunin nito. Hindi rin magtatagal ay magsasagawa ng isang *pre-test* sa lahat ng mga partisipante upang malaman ang paunang datos na kakailangan sa pag-aaral na ito, ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga *test questionnaire* sa mga mag-aaral. Pagkatapos malaman ang resulta ay gagawin na ang interbensyon. Ang interbensyon ay gagawin sa loob lamang ng isang buwan. Ngunit sa loob ng isang buwan, ang mga mananaliksik, bilang mga *pre-service teacher* ay gagawa ng mga gawain sa loob ng silid-aralan na siyang hahasa sa kakayahan ng mga mag-aaral na magsalin.

Matapos ang *pre-test*, isasagawa naman ang mga panglinang sa kaisipan na gawain at interaktibong laro bilang bahagi ng interbensyon. Ang mga aktibidad na ito ay nilikha upang hikayatin ang mga mag-aaral na magsanay at mas mapalawak ang kanilang kaalaman sa pagsasaling-wika. Habang tumatakbo ang mga gawain, patuloy na subaybayan ng mga mananaliksik ang mga reaksyon at pakikilahok ng mga mag-aaral upang makuha ang mga kinakailangang obserbasyon sa epekto ng programa.

Pagkatapos ng interbensyon, magsasagawa ulit ng talatanungan para sa *post-test* upang matukoy ang mga pagbabago sa kasanayan mga mag-aaral sa pagsasaling-wika mula sa wikang Ingles tungo sa Wikang Filipino. Ang mga datos mula sa *pre-test, post-test*, at mga obserbasyon ay isusuri gamit ang mga istatistikal na kagamitan upang matukoy ang epekto ng interbensyon. Ang pagsusuri ng mga datos ay magbibigay ng konkretong ebidensya na magpapatunay sa mga pagbabago sa kasanayan sa pagsasaling-wika, bago at pagkatapos ng interbensyon.

Sa panghuling bahagi, ang mga mananaliksik ay magsasagawa na ng pagsusuri at buod sa mga nakalap na datos upang makapagbigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng mga aktibidad sa pagsasanay ng pagsasaling-wika. Ang mga resulta ng pag-aaral ay magsisilbing gabay sa pagpapalawak ng mga hakbang na naglalayong ang kasanayan sa pagsasalin sa klase.

Istatistikal na Tritment ng mga Datos

Ang mga sagot sa bawat bilang ng mga talatanungan ay itatala nang naaayon sa layunin ng pag-aaral na ito. Ang resulta ay aanalisahin at bibigyang-pagpapakahulugan gamit ang mga naaangkop na istatistikal tool.

Mean. Ginamit ito upang malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa perpormans ng pangkat bago at matapos ang interbensyong ginawa. Ito rin ang gagamitin upang ilarawan ang resulta ng *pre-test* at *post-test.*

Standard Deviation. Sinukat nito ang pagkakaiba-iba ng mga puntos ng mag-aaral mula sa mean upang matukoy kung gaano kalawak ang pagkalat ng kanilang mga resulta sa *pre-test* at *post-test.*

Paired-tailed test. Ginamit ito upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ba ang nakuhang marka ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test*. Kung ang *mean* ba ng eksperimental na grupo sa *pre-test* ay mas mataas o mas mababa sa nakuhang marka sa *post-test.*

Cohen's d. Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng cohen's d, natukoy kung gaano kalakas ang epekto ng *Translation Exercise Activity* sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsasaling-wika.

Data Analysis. Sa pagsusuri ng mga datos, tinala ng mga mananaliksik ang mga marka ng mga mag-aaral mula sa *pre-test* at *post-test*. Pagkatapos, kinakalkula ang kabuoang *mean* upang ipakita ang antas ng kasanayan sa pagsasaling-wika bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Thematic. Bilang karagdagan sa kwantitatibong pagsusuri, sinuri ang kwalitatibong datos mula sa malalim na panayam upang magbigay ng masusing pag-unawa sa epekto ng interbensyon. Ang tematikong pagsusuri ng mga *transcript* ng panayam ay nagbigay-liwanag sa mga pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa intebensyong, *Translation Exercise Activity* na nagbukas ng mga pananaw tungkol sa pagiging epektibo nito, mga nakikitang benepisyo, at mga suhestiyon.

MGA RESULTA AT DISKUSYON

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng datos sa antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa *pre-test* ng eksperimental na grupo bago isasagawa ang interbensyon *translation exercise activity* ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa *post-test* ng eksperimental na grupo matapos ang pagpapatupad ng interbensyong *translation exercise activity* ang makabuluhang pagkakaiba ng marka sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* ng eksperimental na grupo bago at matapos maisagawa ang interbensyong *translation exercise activity* at ang naging pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa bisa at epektibong paggamit ng *translation exercise activity* bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsasaling-wika.

Research Objective No.1 Ano ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pagsasalin bago ipatupad ang interbensyong *translation exercise activity?*

Talahanayan 2

Table 2. Mean Average of the Scores in Pre-test

Pre-test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
2	1	3.33%
3	1	3.33%
5	1	3.33%
6	4	13.33%
7	2	6.67%
8	2	6.67%
9	3	10.00%
10	3	10.00%
11	2	6.67%
12	3	10.00%
13	2	6.67%
14	3	10.00%
15	3	10.00%
Kabuoan	30	100.00%
Kabuoang *Mean*		10.003%
Mean Percentage Score		50%
Deskripsyon		**Katamtaman**

Batay sa resulta ng Talahanayan 2, malinaw na makikita ang pagkakaiba ng distribusyon ng mga marka ng mga mag-aaral sa *pre-test*. Sa *pre-test*, karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mababababang marka. Halimbawa, ang pinakamaraming bilang ng mag-aaral ay nakakuha ng iskor na 6 (13.33%), kasunod ng 9, 10, 12, 14 at 15 (10%) sumunod naman ang 7, 8, at 13 (6.67%) at panghuli na mga marka na nakuha ng mga mag-aaral ay 2, 3, at 5 (3.33%). Ipinapakita nito na bago pa maisagawa ang interbensyon, ang pangkalahatang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa paksa ay nasa mababang lebel.

Ayon sa pag-aaral nina Valcurz et al. (2024), limitado ang kaalaman ng mga estudyante sa mga paraan ng pagsasalin, lalo na pagdating sa mga idyomatikong pahayag na nakadepende sa konteksto at kultura, na siyang nagpapahirap sa pagsasalin mula Ingles tungo sa Filipino. Ang idyomatikong pamamaraan, ay mahalaga upang maging natural at tumpak ang pagsasalin, ay isang hamon dahil madalas ay walang tuwirang katumbas ang mga idyoma sa Ingles at Filipino, na nagdudulot ng kalituhan at pagkakamali.

Talahanayan 3

Summary Table on the Mean Scores and Descriptions for Indicators before the Implementation of the Intervention.

Indicators	**Pre-test**	
	Average Percentage Scores(%)	**Description**
Pormal	54%	Katamtaman
Pampanitikan	45%	Katamtaman
Overall Percentage Score (%)	50%	**Katamtaman**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang *mean scores* bago at pagkatapos ng interbensyon. Kapansin-pansin ang malinaw na pagtaas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Sa *pre-test*, halos lahat ng *indicator* ay nasa saklaw na katamtaman deskripsyon na nangangahulugang may kakayahang makuha ang pangunahing ideya ng salitang isasalin, ngunit maaaring magkaroon ng ilang kahirapan.

Mapapansing ang Pormal ang nakakuha ng 54% na may deskripsyon na katamtaman. Bagama't maayos ang resulta, kailangan pa rin ang interbensyon upang mas mapaunlad pa ang kaalaman sa pagsasaling-wika. Samantala, ang paggamit ng mga pampanitikang salita ay nakakuha ng kaparehong deskripsyong katamtaman na may porsyentong 41-60%. Hudyat itong kailangan na pagtuunan nang pansin ay pagpapayabong ng kasanayan sa pagsasaling-wika.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay magkakatulad sa pag-aaral na ipinakita nina Langga at Alico (2020), ang pagsasalin ng akademikong pananaliksik ay nagtatanghal ng natatanging mga hamon para sa mga mag-aaral, lalo na sa pagpapanatili ng integridad ng orihinal na nilalaman na isa sa mga pangunahing hamon sa pagsasalin mula Filipino tungo sa Ingles.

Talahanayan 4

Mean Average of the Scores of Post-test

Post-Test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
15	2	6.67%
16	3	10.00%
17	3	10.00%
18	7	23.33%
19	7	23.33%
20	6	20.00%
14	2	6.67%
Total	30	100.00%
Kabuoang *Mean*		15.000%
Mean Percentage Score		75%
Deskripsyon		**Mataas**

Samantala, sa resulta ng *post-test*, kapansin-pansin ang paglipat ng distribusyon ng mga marka patungo sa mas mataas na antas. Halimbawa, ang pinakamaraming nakakuha ng iskor ay nasa pagitan ng 25 (16%), 26 (14%), at 28 (14%). Ipinapakita ng datos na ito na mas maraming mag-aaral ang nakapagtamo ng mas mataas na marka pagkatapos ng interbensyon kumpara sa kanilang unang pagsubok. Bukod pa rito, wala ni isa mang nakakuha ng mababang iskor na 9 sa *post-test*, taliwas sa *pre-test* kung saan may mga mag-aaral na nakakuha ng mga naturang mababang marka.

Makikita rin na dumami ang mga nakakuha ng pinakamataas na iskor na 18 at 19 (23.33%) sa *post-test*, na hindi naitala sa *pre-test*. Ang ganitong paglilipat ng bilang mula sa mababang marka patungo sa mataas na marka ay malinaw na ebidensya ng epektibong pagtuturo at pagkatuto. Ipinapahiwatig ng mga datos na naging matagumpay ang isinagawang interbensyon sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagsasaling-wika mula sa wikang Ingles tungo sa Filipino ng mga mag-aaral hinggil sa Pormal at Pampanitikan na mga salita.

Sa kabuoan, ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng positibong epekto ng interbensyon, na masasalamin sa pag-angat ng mga marka ng mga mag-aaral mula sa *pre-test* patungong *post-test.* Ang mas malawak na distribusyon ng mas mataas na marka pagkatapos ng interbensyon ay nagpapakita na nakatulong ito upang mapabuti ang kanilang kaalaman at kasanayan, na siyang layunin ng isinagawang pagtuturo.

Ayon kay Liu at Yang (2025) natuklasan sa kanilang pananaliksik ang mga pagsasanay sa pagsasalin ay malaki ang naitulong sa pagpapabuti ng pagkatuto ng bokabularyo, pag-unawa sa binabasa, at kumpiyansa ng mga mag-aaral, lalo na sa mga nagsisimula at mga mag-aaral sa elementarya. Ipinapakita ng pag-aaral ang potensyal ng pagsasalin bilang isang mabisang kasangkapan sa pag-aaral ng wika kapag iniayon sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Research Objective No.2: Ano ang mga antas ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga salita sa isang pangungusap pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong *translation exercise activity?*

Talahanayan 5

Summary Table on the Mean Scores and Descriptions for Indicators after the Implementation of the Intervention.

Indicators	**Post-test**	
	Average Percentage Scores(%)	**Description**
Pormal	83%	Mataas
Pampanitikan	68%	Mataas
Overall Percentage Score (%)	75%	**Mataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Matapos ang interbensyon, makikita sa talahanayan 4 na tumaas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang aspektong Pormal ay umangat mula mababa patungong napakataas na antas (83%), na nagpapakita ng mahusay na pag-unawa sa isinaling mga salita. Ang aspektong Pampanitikan naman ay mula 45% ay naging 68%, na nasa mataas na antas, na nangangahulugang na ang mag-aaral ay may mahusay na pag-unawa sa isinaling mga salita. Kadalasan ay nauunawan ang pangunahing ideya, ng wikang isasalin. May kaunting kahinaan sa ilang mga bahagi. Sa kabuuan, ang mean percentage *score* ay tumaas mula 50% (katamtaman) tungong 75% (mataas), na patunay ng epektibong resulta ng interbensyon.

Sa pag-aaral ni Alolaywi (2022), natuklasang malaki ang naging pag-unlad ng kakayahan sa pagsasalin ng mga kalahok matapos ang isang *translation training program*, na makikita sa pagtaas ng kanilang marka mula sa *pre-test* hanggang *post-test*, patunay na epektibo ang ganitong uri ng pagsasanay. Samantala, binigyang-diin ni Toury (2021) na ang pagsasalin ay hindi lamang nangangailangan ng kaalaman sa wika kundi pati ng malalim na pag-unawa sa orihinal na paksa, kaya't kadalasang nahihirapan ang mga tagasalin na mapanatili ang diwa at mensahe ng akda. Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral ni Ramirez, et al. (2022) na ang kakulangan sa salitang panumbas ay isa sa mga pangunahing hamon sa mabisang pagsasalin. Sang-ayon dito si Baker (2022) na binigyang-halaga ang pag-unawa sa diwa at konteksto ng orihinal na teksto upang maiparating nang tama ang kahulugan sa target na wika.

Research Objective No.3: May makabuluhang pagkakaiba ba sa pagsasalin sa isinagawang *pretest at post-test*?

Talahanayan 6

Significant Difference Between the Pre-test and Post-test Scores

Type of Test	*N*	*df*	*Mean*	*Mean difference*	*SD*	*t-value*	*P-value*	*Cohen's d*	*Decision a=0.05*
Post-test	30	29	15.000	4.967	3.424	13.211	<.001	2.412	Significant
Pre-Test	30		10.033		3.728				

Batay sa Talahanayan 5, isinagawa ang *Paired Samples T-Test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng marka ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test* matapos ang isinagawang interbensyon, t (29) = 13.211, p<.001. Ang *p-value* na ito ay mas mababa kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan (α = 0.05), kaya't ito ay nangangahulugang may estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa *performance* ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa madaling salita, ang pagtaas ng marka sa *post-test* ay hindi bunga ng pagkakataon lamang, kundi bunga ng epektibong implementasyon ng interbensyon o pagtuturo.

Ang nakalkulang Cohen's d na 2.412 ay nagpapahiwatig ng napakalaking epekto. Bnigyang-turing nito na ang ipinatupad na interbensyon sa pag-aaral ay may napakalakas na epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng resultang ito ang bisa ng *translation exercise activity* na interbensyon at ang potensyal nito na lubos na mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika.

Pinatutunayan ng mga natuklasan na may estadistikang makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsasaling-wika ng mga mag-aaral matapos ang *translation exercise activity* na interbensyon. Ang malaking pagtaas sa *mean scores*, kasama ang mataas na *t-value* at mababang *p-value*, ay nagbibigay ng matibay na ebidensiya ng bisa ng interbensyon. Sa konklusyon, ipinapakita ng *translation exercise activity* na interbensyon ang makabuluhan at positibong epekto sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika.

Ayon sa pag-aaral nina Gubalani et al. (2023), ang *translation exercise activity* ay napatunayang epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika, partikular sa pormal at pampanitikan na salita mula Ingles tungo sa Filipino. Lumitaw sa kanilang pag-aaral na nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa pag-unawa at aplikasyon ng mga mag-aaral sa mga tunay na gawain sa tulong ng guro at kaklase. Suportado ito ng pananaliksik nina Beriong et al. (2023) na nagsabing ang paggamit ng *Grammar Translation Method* ay nagresulta sa estadistikang makabuluhang pagtaas ng marka ng *experimental group sa post-test*, na nagpapakita ng positibong epekto ng pagsasalin sa pagganap ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang.

Research Question 4: Ano ang pananaw ng mag-aaral sa pagsasaling-wika mula wikang Ingles tungo sa Filipino?

Upang masagot ang tanong sa pananaliksik, nagsagawa ng indibidwal na panayam sa mga partisipante upang makuha ang kanilang mga sagot kaugnay ng kanilang obserbasyon at karanasan sa epekto ng *Translation Exercise Activity* sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasaling-wika sa ika-10 na baitang.

Ang mga pangunahing tema at mga halimbawang pahayag para sa tanong sa pananaliksik bilang 4 ay ipinakita sa Talahanayan 7. Ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang mga sagot batay sa kanilang sariling karanasan at obserbasyon sa naturang interbensyon. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, lumitaw ang anim na pangunahing tema: kakulangan sa kasanayan sa wikang Filipino, pagharap sa hamon ng pagsasalin dulot ng pagkakaibang kontekstwal na kahulugan, pag-unawa una sa konteksto, nagpapalawak ng kaalaman sa pagsasalin ng wika, napapalalim ang pag-unawa sa proseso ng pagsasalin, at kinikilalang ang *Translation Exercise Activity* ay angkop na sa pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Pangunahing Tema	Halimbawang Pahayag
Kakulangan sa Kasanayan sa Wikang Filipino	• *Nahihirapan sa Filipino dahil Bisaya ang unang wika. IDI1* • *Mas nakakaintindi ako ng Ingles kaysa Filipino. IDI4* • *Nahihirapan sa pagsasalin ng mga idyoma. IDI6* • *Nahihirapan dahil may mga salitang Filipino na mahirap intindihin. IDI8*
Hamon ng Pagkakaibang Kontekstwal na Kahulugan	• *Masasabi kong isang hamon ang pagsasaling-wika mula sa Ingles tungo sa Filipino, ang salita Ingles ay maaring may iba't ibang kahulugan sa Filipino depende sa konteksto at kailangan natin ng malalim na pag-unawa sa dalawang wika at kultura. IDI2* • *Ito ay isang hamon dahil hindi lahat ng salitang Ingles ay may direktang katumbas sa Filipino. IDI7* • *Ang pagsasalin ng wikang Ingles tungo sa Filipino ay isang hamon dahil sa mga pagkakaiba sa istruktura o sa bokabularyo at kultura ng dalawang wika.* • *May mga salita na nag-iiba ang kahulugan sa pagsasalin. IDI10*
Pag-unawa Una sa Konteksto	• *Ang unang hakbang ko sa pagsasalin ng mga salita mula Ingles tungo sa Filipino ay ang pag-unawa sa konteksto bago humanap ng tamang salin. IDI3* • *Para sa akin, basahin at intindihin ng mabuti. IDI4* • *Ang unang hakbang na aking ginawa ay binasa ko ito ng mabuti at inintindi bago ko sinagutan. IDI5* • *Sa pasagot sa mga katanungan, ang unang hakbang ko sa pagsasalin ay ang pag intindi sa bawat salita at sanaysay upang masagot at maisalin nang tama. IDI6* • *Ang unang hakbang na aking ginawa ay ang pag-unawa sa buong mensahe o kaisipan ng pangungusap sa Ingles bago ito isalin sa Filipino. IDI7* • *Iniintindi muna ang mga salitang Ingles. IDI8* • *Binasa at inunawa ang teksto ng Ingles. IDI9* • *Inunawa ang kahulugan ng mga salita sa parirala. IDI10*
Nagpapalawak ng Kaalaman sa Pagsasalin ng Wika	• *Oo, talagang napaka epektibo nito dahil mas napalawak ang aking kaalaman sa pagsasaling-wika. IDI1* • *Sa aking pananaw, epektibo ito ng dahil sa pagsasaling-wika ay mapahusay ang aking bokabularyo natututo ako ng mga bagong salita sa Ingles at Filipino sa pamamagitan ng pagsasalin ng pormal at pampanitikan na mga salita. IDI3* • *Oo, masasabi ko na ang translation exercise activity ay epektibong paraan upang mapahusay ang kasanayan sa pagsasaling-wika mula Ingles tungo sa Filipino, dahil nalilinang nito ang aking kritikal na pag-iisip sa pagsasalin ng pormal at pampanitikan na mga salita. IDI5* • *Oo, sa pamamagitan ng translation exercise activity mas lalong napahusay ang aking kakayahan sa pagsasaling-wika. IDI9* • *Nadagdagan ang kaalaman sa pagsasaling-wika. IDI10*
Napapalalim ang Pag-unawa sa Proseso ng Pagsasalin	• *Oo, sa pagggamit ng iba't ibang uri ng pagsasalin, upang mas mapalawak ang karanasan sa pagsasalin. IDI2* • *Natutunan kung paano ang tamang paraan ng pagsasaling-wika. IDI6* • *Nauunawaan ko na kung bakit nagkakaroon ng kamalian sa pagsasalin. IDI7* • *Natutunan ko ang mga itinurong paraan at nagamit sa aktwal na pagsasalin. IDI8*
	• "*Wala na po, dahil naging epektibo namin ang isinawagang interbensiyon ng aming guro." IDI1* • *"Wala, pero para sa akin ay kinakailangan na ang translation exercise activity ay manatili pa rin dahil mas*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Kinikilalang ang *Translation Exercise Activity* ay Angkop Na Sa Pagkatuto	*interaktibo ang klase, at higit na makikinig at matuto ang mag-aaral." IDI4* • *"Ang mga aktibidad na isinagawa ay sapat na para sa akin upang mas mapahusay ang aking pagkatuto sa pagsasaling-wika." IDI6* • *"Ang mga estratehiyang ginamit ay angkop sa akin bilang isang mag-aaral sa baitang 10, kung kaya't ito ay sapat na sa akin at hindi na kinakailangan ng ibang karagdagang aktibidad." IDI8* • *"Sapat na ang mga estratehiya at mga aktibidad na inilunsad sa amin nila Bb. Alexis at Juliet." IDI9*

Ayon sa pag-aaral ni Cagatin (2022) hindi naging madali sa mga mag-aaral ang wikang Filipino, sa kabila ng katotohanan na ang Filipino ang pangunahing lengguwahe, maraming mga aspeto ang kailangan pang matutunan ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Taeza (2020) maraming mag-aaral ang walang interes sa asignaturang Filipino, nahihiya silang magsalita gamit ang wikang Filipino na nagdudulot sa kanila ng mababang marka.

Sa pag-aaral naman ni Pollero (2021), ang kakulangan sa bokabularyo ay tumutukoy sa mga kaalamang lagpas sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga problema sa pag-unawa sa teksto ay kadalasang nangyayari dahil sa kakulangan ng karanasan at kaalaman ng mga mag-aaral. Dagdag pa, sa pag-aaral ni Maglente et al. (2020), ang pagkukulang sa kakayahan sa bokabularyo ay maaring magdulot ng paghihirap ng mag-aaral sa pagtanggap at pagbuo ng wika kahit gaano pa man kagaling ang mag-aaral sa pagbuo ng balarila, pagkaayos ng pangungusap, at pagbigkas nito. Kung walang tamang salitang maaaring gamitin upang maipahayag ang mensahe, walang mangyayari na maayos sa komunikasyon.

Batay naman sa pag-aaral nina Suhendi et al. (2021), ang kaalaman ay hindi nakukuha ng mga mag-aaral sa mga guro ngunit nabubuo ito sa isipan ng mga mag-aaral. Sa kasong ito, ang pokus ng kaalaman ay hindi nagmumula sa guro ngunit nagmula ito mismo sa kakayahan ng mga mag-aaral. Batay rin kay Aquilon (2020) bumaba ang kaalaman ng mga kabataan ngayon sa pagsasalita ng wikang Filipino sapagkat halos wikang Ingles ang ginagamit na midyum sa pagtuturo sa lahat ng antas ng pag-aaral.

Sa pananaliksik ni Parba (2021), ang pagpapabuti ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay higit na mahalaga sa mga silid-aralan na nakatuon sa kritikal na paraan kung saan ang kakayahan ng mga mag-aaral na makisali sa mga kritikal na diyalogo ay lubos na hinihikayat. Dagdag pa ni Pagcanlungan (2021) sa paggamit ng wika, mahahasa ang ating kaalaman at kakayahan sa pagsasalita ng Filipino. Kapag ginagamit parati ang wika, magiging matatag ang pundasyon ng mga salita na siyang magagamit sa pag-unawa sa maraming bagay tungkol sa mga Pilipino.

Napatunayan naman sa pag-aaral ni Yco (2023) na ang paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan ay kailangan na eksakto batay sa tunay na bokabularyo upang malinaw na maunawaan ang mensahe at maiwasan ang kalituhan sa pagsasalin. Sinuportahan din ito sa pag-aaral na isinagawa ni Pagcanlungan (2021) na ang pag-unawa ng mga idyomatikong pahayag ay naging mahirap sa mga mag-aaral sapagkat napapalalim ang pag-unawa sa katumbas sa idyomatikong pahayag na mas piniling gamitin ng mga mag-aaral.

Sinuportahan din ito sa pag-aaral na isinagawa ni Zhang (2020) ayon sa kanya ang estratehiya sa pagtuturo ay isa rin sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang filipino. Dagdag pa, sap ag-aaral ni Suksel-Sahin (2020), ang kahusayan sa pagtuturo ay mahalagang impluwensiya sa partisipasyon ng mga estudyante sa loob ng klasrum. Sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ay kinakailangan ng kahusayan sa pagtuturo upang malampasan ang mga hamon na kanilang kinakaharap.

KONKLUSYON

Batay sa unang layunin ng pananaliksik, lumitaw na bago maisagawa ang interbensyong, *Translation Exercise Activity* ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto ay nasa mababang lebel, na may mean percentage score na 50%. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may kahirapan sa pag-unawa sa salitang isasalin. Madalas na nahihirapan sa pagkuha ng pangunaging ideya at mga kahulugan ng salitang isasalin. Kaya ay kinakailangan ang isang angkop na interbensyon upang mapaunlad ang kanilang kasanayan.

Kaugnay ng ikalawang layunin, matapos maisagawa ang interbensyon, malinaw na nagkaroon ng positibong pagbabago sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Mula sa *mean* score na 10.033 (*pre-test*), ay tumaas ito sa 15.000 (*post-test*), katumbas ng 75% *mean percentage score* na may deskripsyong "mataas". Ipinapakita nito na naging epektibo ang ginamit na estratehiya upang malinang ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika.

Bilang tugon sa ikatlong layunin, isinagawa ang *paired t-test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga iskor ng mag-aaral bago at matapos ang interbensyon. Lumabas sa pagsusuri na ang $t(29) = 13.211$, $p < .001$, na nagpapakita ng *statistically significant difference* sa pagitan ng *pre-test* at *post-test scores*. Bukod pa rito, ang nakuha na Cohen's $d = 2.412$ ay nagpapahiwatig ng napakalaking *effect size*, na nangangahulugang ang interbensyon ay may matibay na epekto sa pagtaas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Para sa ikaapat na layunin, natukoy sa resulta ng pagsusuri na ang pinakamabisang aspeto ng interbensyon ay ang malinaw at sunod-sunod na hakbang ng *Translation Exercise Activity*. Sa pamamagitan ng pag-alok ng mga interbensyong ito, natutulungan nito ang mga mag-aaral hindi lamang sa pagpapalakas ng kanilang kakayahang maunawaan ang kahulugan ng salita kundi maging ang pagpapalakas kakayahan sa pagsasalita.

Sa kabuoan, lumalabas na ang *Translation Exercise Activity* ay may positibong impluwensiya sa pagkatuto at sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasaling-wika mula wikang Ingles tungo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng *pre-test* at *post-test* ay nagpapatunay na ang *Translation Exercise Activity* ay isang mabisang tugon sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsasaling-wika.

REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, ilang mga rekomendasyon ang maaaring gawin upang higit na mapahusay ang pagkatuto at paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral na kakikitaan ng kakayahan sa pagsasaling-wika mula wikang Ingles tungo sa wikang Filipino. Sa ganitong paraan, inirerekomenda ang interbensyong *Translation Exercise Activity* na ilan sa nagbibigay daan sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral, nagtataguyod ng masusing pag-unawa, at nagpapahalaga sa lohikal na pagsusuri ng impormasyon, pagpapalawak ng kaalaman at nakatutulong sa pagtatahas ng kakayahan at paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika.

Dagdag pa, imimumungkahi rin ng mga mananaliksik ang pagpapatuloy ng *translation exercise activity* at palawakin pa ito upang tumatag at maraming mag-aaral ang makasasali sa interbensyon na ito. Bilang bunga ng resulta ng pananaliksik, ang bisa nito ay napatunayan kung kaya maaari itong gawing regular na bahagi ng asignaturang Filipino

Bilang karagdagan, iminumungkahi rin ng mga mananaliksik na mas pahabain pa ang panahon na ilalaan sa pagpapatupad ng interbensyon upang ito ay mas maging epektibo at mabibigyan ng mahabang panahon ang mga mag-aaral na pagtuonan ng pansin ang kanilang kasanayan sa pagsasaling-wika. Sa pamamagitan nito, mas nabibigyan ng pokus ang kanilang kahinaan at mas mapapaunlad ang mga bagay na may mataas na kaalaman na sila. Mas masisiguro din ang pagbabago at pag-unlad ng bawat mag-aaral.

Panghuli, para sa mga mananaliksik, mas mainam na ipanatili ang mga *translation exercise activity* kaya ng pagkakaroon ng iba't ibang estratehiya na pagpapalawak ng kasanayan sa mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Dagdag pa, magpatuloy sa pagsasagawa ng pananaliksik upang higit pang maunawaan ang mga pinakamabisang estratehiya sa pagsasaling-wika mula wikang Ingles tungo sa Filipino partikular sa pormal at pampanitikang salita.

TALASANGGUNIAN

1. *Alaboud, A. (2022). The Positive Effect of Translation on Improving Reading Comprehension among Female Arabic Learners of English as Foreign Language. Arab*
2. *Alolaywi, Y. (2022). The effects of a translation training program on English as a foreign language trainees' translation skills. Frontiers in Education, 7. https://doi.org/10.3389/feduc.2022.942272.*
3. *Arikinto,S.(2006) Procedurepenelitan, suatupendekatonpraktic rineka cipta, Jakarta.*
4. *Aquilon, K. (2020). Pagkalimot ng Kabataan Sa Wikang Filipino.https://www.tumblr.com/kanoaaki/628658762081779712/pagkalimot-ng-kabataan-sa-wikangfilipino?fbclid=IwAR1oCC1siXk_ZfwizjvZaOeGgZg4S3YUVYOdlfO8LtoXJKe02HbjZAN3SgQ*
5. *Baker, M. (2022). Training for Translators: Enhancing Skills and Knowledge. Journal of Translation Studies, 12(4), 98-112.*
6. *Bassnett, S. (2022). Translation Studies. Routledge*
7. *Dominguez, J., & Dominguez, E. J. (2022). Translation and Validation of the Filipino Version of the University of Washington Quality of Life Questionnaire (UW-QOL) for Patients with Head and Neck Cancer. Philippine Journal of Otolaryngology Head and Neck Surgery, 37(1), 33-33.*
8. *Dusmamatovna, S. (2021). Problem which occur in Translating and Their Solutions https://doi.org/10.36713/epra2016*
9. *Kharbanda, P. R. (2021). International Journal of Linguistics, Literature and Translation. International Journal of Linguistics Literature & Translation. https://doi.org/10.32996/ijllt*
10. *Langga, P. M. M., & Alico, J. C. (2020). Students' proficiency and challenges in Filipino-to-English translation: The case of Filipino senior high school students in a private institution. International Journal of Linguistics, Literature and Translation, 3. https://doi.org/10.32996/ijllt*
11. *Liu, J., & Yang, J. (2025). Translation and english language learning: A study on its effectiveness across different levels of proficiency. Education and Information Technologies. https://doi.org/10.1007/s10639-025-13494-9*
12. *Li, Y., Yang, X., Chu, H., Zainuddin, Z., & Zhang, W. (2020). New normal education: Strategies, methods, and trends of teaching-learning on students' perspectives and its effectiveness. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 19(6), 1-18. https://ejournals.ph/article.php?id=20941*
13. *Maglente, J. A., Cruz, M. L., & Santos, R. P. (2020). Kahalagahan ng bokabularyo sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa sekundarya. Journal of Language and Communication Studies, 15(2), 112-125*
14. *Nguyen, T. T. H. (2024). Translation in Language Teaching - The need for redefinition of translation. AsiaCALL Online Journal, 15(1), 19–33. https://doi.org/10.54855/acoj.241512*
15. *Pacol, J. (2023). E-BAKADA: Interaktibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga Banyagang Estudyante (E-BAKADA: An Interactive Tool for Teaching Filipino as a Second Language to Foreign Students). The Normal Lights, 17(2). https://doi.org/10.56278/tnl.v17i2.2164*
16. *Pagcanlungan, M. & Pagcanlungan, H. (2021). Paksa: Pagtuturo ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. https://www.researchgate.net/publication/356584975_Paksa_Pagtuturo_ng_Wika_at._Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

17. *Pollero, J. (2021). Paghubog sa Kasanayan ng Pagkatuto sa Wika at Panitikang Pilipino.*
18. *https://www.scribd.com/document/452018281/Pananaw-ng-mga-Estudyante-ng-IkaSampung-Baitang-saAsignaturang-Filipino-Implikasyon-para-sa-Pagpapaunlad-ngTeachingStrategiesngmgaGuro?fbclid=IwAR1bgnsdWJP_79QJ02gjrUI3HIPWu5y8tztdgT5hVCR4UrVgQDcYkd0iFJA*
19. *Parba, J. (2021). Teaching critical vocabulary to Filipino heritage language learners. Education Sciences, 11(6), 260. https://www.mdpi.com/2227-7102/11/6/260?fbclid=IwAR1eBPT6ffHsAlNJ5vTBDYDJrTCVNZQ5Ab8FNVNDNaXrn8jXJ6i_g9Bl2c*
20. *Ramirez, J. (2022). The role of translation in bridging cultural and linguistic gaps. Journal of Translation Studies, 14(2), 45–60*
21. *Valcurza, R. (2024). Students' Level of Knowledge of Translation Methods from English to Filipino Language in Higher Education DOI: 10.5281/zenodo.11174575*
22. *Suhendi, A., Purwarno, P., & Chairani, S. (2021). Constructivism-based teaching and learning in Indonesian education. KnE Social Sciences, 76-89. https://knepublishing.com/index.php/KnESocial/article/view/8668?fbclid=IwAR0uAJeZWGldTuq7nfKrqz1zL5Or5fjzRgfihKbse9G- _1peFdendKEpNf4*
23. *Torzar, E. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagpapalawak Talasalitaan sa*
24. *PanahonngPandemya.https://www.researchgate.net/publication/356980358_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagpapalawak_T alasalitaan_sa_Panahon_ng_Pandemya*
25. *Toury, G. (2021). Descriptive Translation Studies – and beyond (Rev. ed.). John Benjamins Publishing.*
26. *Voxco. (2021). Understanding Pre-Experimental Research Design. Retrieved from https://www.voxco.com/blog/pre-experimental-research-design/.World English Journal, 13(2), 424–436. https://doi.org/10.24093/awej/vol13no2.29*
27. *Yco, J. M. (2023). Eksaktong paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan. Journal of Filipino Language Studies, 12(1), 45-57*